



Magbigay ng iyong komento!



Pinahahalagahan namin ang iyong opinyon tungkol sa planong istratehiya. Ang iyong mga kuru-kuro kung paano kami makagagawa ng isang matatag at may-seguridad na suplay ng tubig para sa isang masagana, napapanatili at magandang tirahang Greater Sydney ay isasaalang-alang habang inihahanda namin ang panghuling Greater Sydney Water Strategy.

Ang Greater Sydney Water Strategy ay nagtatakda ng pangmatagalang pananaw at direksyon upang matiyak na may matatag at napapanatiling mga serbisyo ng tubig para sa mga naninirahan sa Greater Sydney, kabilang ang Illawarra at Blue Mountains. Ito ay nagtatakda ng balangkas para sa pagdudulot ng may matatag na mga serbisyo ng tubig sa rehiyon para sa kapakanan ng komunidad at sa pag-unlad ng ating ekonomiya sa loob ng 20-40 taon.

Ang planong Greater Sydney Water Strategy ay para sa iba't ibang komunidad sa rehiyon ng Greater Sydney. Ang tubig ay nagbibigay-buhay at mahalaga sa malusog na mga komunidad at lumalagong mga ekonomiya.

Ang paraan ng ating paggamit ng tubig sa ating mga tahanan, negosyo, lugar na may mga tanim, at mga pook ng libangan ay nagdedepende sa paglikha ng matatag na mga sistema ng tubig at ng nagamit na tubig para sa lumalaking pangangailangan ng Greater Sydney. Nais naming marinig ang iyong mga kuru-kuro tungkol sa magiging kalalabasan, direksyon ng mga mahusay na pamamaraan at mga opsyon na nakabalangkas sa planong istratehiyang ito.

- Angkop ba ang mga prayoridad at direksyon?

- May nakalimutan ba kami?
- Ano ang kahulugan para sa iyo ng mga prayoridad at aksyon?
- Aling mga prayoridad at aksyon ang pinakamahalaga sa iyo?
- Paano sinusuportahan ng tubig ang iyong kagalingang personal, panlipunan, pangkultura at pangkabuhayan?
- Ano ang palagay mo tungkol sa iba't ibang opsyon sa suplay ng tubig kabilang ang desalination (pag-aalis ng asin sa tubig-dagat) at nilinis na niresaykel na tubig para mainom?
- Ano ang palagay mo tungkol sa karagdagang mga opsyon sa kahusayan at konserbasyon ng tubig?
- Ano sa palagay mo ang papel na magagampanan ng paghihigpit sa tubig sa pamamahala ng tagtuyot (drought)?
- Ano ang iyong palagay tungkol sa 'nagtatagal na suplay (enduring supply)— ano ang pinaka-kaunting tubig na magagamit mo sa loob ng mahabang panahon kung tayo ay may malubhang tagtuyot?
- Gaano ang maaari mong bawasan sa karaniwang ginagamit mong tubig?



Alamin ang higit pa at magbigay ng komento

Ang mga pampublikong konsultasyon ay gaganapin mula ika-28 ng Setyembre 2021 hanggang ika-8 ng Nobyembre 2021.

Isang online na sesyon ng impormasyon para sa komunidad ang gaganapin sa ika-14 ng Oktubre 2021 mula 11:00 ng umaga hanggang 1:00 ng hapon.

Upang makapagbigay ng iyong komento tungkol sa planong istrategiya, magkumpleto ng aming survey sa online, at magparehistro para sa pang-impormasyong sesyon, bumisita sa dpie.nsw.gov.au/greater-sydney-water-strategy

Pagkalipas ang panahon ng pampublikong konsultasyon, isasaalang-alang namin at isasali sa istrategiya ang iyong mga komento, ideya at pag-aalala. Pagkatapos noon, kami ay:

- maglalathala ng ulat na 'ano ang narinig namin' na magbuod ng natanggap naming mga komento
- maglalathala ng panghuling Greater Sydney Water Strategy, na kabilangan ng plano sa pagpapatupad na may mga petsa, at ang mga tungkulin at responsibilidad para sa pagpapatupad ng mga aksyon sa istrategiya.

© Estado ng New South Wales sa pamamagitan ng Kagawaran ng Pagpapalano, Industriya at Kapaligiran 2021. Ang impormasyon na nakasaad sa paglathalang ito ay batay sa kaalaman at pagkakaintindi sa panahon ng pagkakasulat (Setyembre 2021). Ngunit, dahil sa pag-unlad ng kaalaman, dapat tiyakin ng mga gumagamit na ang impormasyon na pinagbabasehan nila ay makabago at magtanong sa naaangkop na opisyal ng kagawaran o sa malayang tagapayo ng gumagamit kung ang impormasyon ay pangkasalukuyan.



Pangkalahatang mga tanong: 1300 081 047



greater-sydney.waterstrategy@dpie.nsw.gov.au



Kung kailangan mo ng interpreter, mangyaring tawagan ang Translating and Interpreting Service sa **131 450** at hilingin sa interpreter na tawagan kami sa **(02) 9842 8439**.